# Mga Genital Wart

Ang Genital Warts (kilala rin bilang condyloma) ay isang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik [sexually transmitted infection (STI)] na dulot ng human papillomavirus (HPV). Mayroong hindi bababa sa 30 ibat ibang uri ng sexually transmitted HPV. Ang ilang uri ay maaaring maging sanhi ng pagbuo ng mga bukol sa penis o sa vagina o paligid ng vagina, cervix, o anus. Ang iba pang mga uri ay maaaring maging sanhi ng mga abnormal na selula sa cervix o anus na maaaring matukoy sa panahon ng Pap test. Ang HPV ay naipapasa mula sa isang tao patungo sa isa pa sa panahon ng oral, anal o vaginal sex. Mayroon na ngayong mga bakuna na aprobado ng FDA para sa HPV na maaaring maging proteksyon mo laban sa impeksyon.

## *Paano ko malalaman kung mayroon akong Genital Warts o HPV?*

- Hindi lahat ng may virus na wart ay mayroong makikitang mga wart. Ang mga wart ay maaaring lumitaw bilang mga bukol o maaaring pantay at bahagyang mataas mula sa balat. Ang mga ito ay hindi ang parehong mga wart na karaniwang matatagpuan sa mga kamay at paa.
- Ang mga tao na may cervix ay maaaring malaman na mayroon silang HPV bilang bahagi ng kanilang Pap test.

## *Paano kumakalat ang Genital Warts?*

Ang HPV ay naipapasa sa pamamagitan ng kontak sa balat sa panahon ng pakikipagtalik. Karamihan sa mga tao na aktibo sa pakikipagtalik ay magkakaroon ng HPV sa isang punto ng kanilang buhay, kahit na karamihan ay hindi kailanman malalaman ito dahil maaaring hindi sila kailanman nagkaroon ng mga sintomas mula sa impeksyon. Posibleng mga buwan o taon na nahawaan nang HPV bago lumitaw ang warts. Ang mga condom ay nagpapababa ng panganib sa pagkakaroon ng HPV ngunit hindi ganap dahil ang HPV ay maaaring naroroon sa mga ligar na hindi nasasakop ng condom. Maaari mong ipasa ang virus sa iyong mga sex partner kahit walang nakikitang warts sa iyo.

## *Malubha ba ang Genital Warts?*

Para sa karamihan ng mga tao, ang warts ay nakakabalisa ngunit hindi malubha, at ginagamot lamang dahilan sa kosmetiko/pampaganda. **Ang mga strain ng HPV na sanhi ng warts ay hindi ang parehong mga strain na nauugnay sa cancer**.

## *Paano ginagamot ang Genital Warts?*

Mayroong maraming iba’t ibang paraan para gamutin ang warts. Ang ilan sa mga ito ay mayroon para sa paggamit sa tahanan; tanungin ang iyong clinician kung tama para sa iyo ang mga ito. Kadalasan ay nangangailangan ng ilang paggamot para mawala ang warts. Makipag-usap sa iyong clinician kung sinabihan kang mayroon kang HPV sa cervix – mayroong mga espesyal na paggamot para dito.

## *Babalik ba ang warts?*

Maaaring bumalik ang warts kahit na pagkatapos ng paggamot dahil ang virus ay maaaring manatili sa balat sa maikling panahon. Kung ang iyong warts ay hindi nawala pagkatapos ng iyong paggamot ngayon,

maaari kang bumalik tuwing 3 linggo para sa karagdagang paggamot hanggang mawala ang mga ito. Ang iyong immune system ay may kakayahan sa sarili nito na alisin ang impeksyon.

## *Dapat ko bang sabihin sa sex partner?*

Ang HPV ay masyadong karaniwan. Kung ikaw ay kasalukuyang may warts, inirerekomenda na sabihin mo sa iyong (mga) sex partner. Nasa sa iyo kung sasabihin o hindi sa bagong sex partner na nagkaroon ka na ng warts sa nakaraan, na nauunawaan na malamang na nalantad na sila sa virus sa nakaraan kasama ng iba pang mga partner.

## *Kailangan ko ba ng Pap Test?*

Lahat ng tao na may cervix simula sa edad na 21 ay kailangan ng Pap test. Kung normal ang iyong huling Pap test, sa pangkalahatan ay hindi mo na kailangan ng isa pa sa loob ng 3-5 taon, depende sa iyong edad at sa nakaraang pagsusuri na ginawa. Kung nagkaroon ka ng abnormal na Pap, kausapin mo ang iyong tagapagkaloob ng serbisyo tungkol sa kung ano ang susunod na kailangang mangyari. Ang pagkakaroon ng genital warts o isang partner na may warts ay hindi nangangahulugan na kailangan mo ng Pap test.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng Genital Warts?*

- Ang paggamit ng condom nang 100% ay nakakabawas sa iyong panganib na magkaroon ng mga wart, ngunit hindi ganap dahil ang wart virus ay maaaring nasa balat malapit sa vagina, rectum, penis o mga testicle sa mga lugar na hindi nasasakop ng condom.
- Ang mga wart at mga uri ng HPV na sanhi ng mga ito ay hindi mapanganib sa pangkalahatan at napakakaraniwan sa mga tao na aktibo sa pakikipagtalik (sexually active).
- Mayroong isang bakuna sa HPV na rekomendado para sa mga nasa edad na 9-26 na mabisa sa pag-iwas sa mga wart at cervical cancer. Sa City Clinic, mayroon kami ng bakunang ito para sa mga tao na walang seguro hanggang sa edad na 26 at para sa ilang pasyente hanggang sa edad na 45 batay sa pag-uusap sa pagitan ng pasyente at clinician.
- Mangyaring basahin ang aming information sheet sa Pelvic Exam at Pap test para sa higit pang impormasyon tungkol sa HPV.

**Para sa higit pang impormasyon**:
Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyng sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

| **Pangkalahatang STI** | **Teens** |
|---|---|
| www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español) | www.iwannaknow.org |
| www.cdc.gov/std/ | www.sfcityclinc.org |
| www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español) | www.sfsi.org/ |
| www.scarleteen.com | |

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org

**Contraception and STI/sex info**
www.bedsider.org